6560-50-P

**ENVIRONMENTAL PROTECTION AGENCY**

**40 CFR Part 50**

[**EPA-HQ-OAR-2015-0072; FRL-10008-49-OAR**]

**RIN 2060-AS50**

# Pampublikong Pagdinig para sa Review ng National Ambient Air Quality Standards (Mga Pamantayan ng Bansa sa Kalidad ng Hangin sa Kapaligiran) para sa Particulate Matter

**AHENSYA:** Environmental Protection Agency (EPA).

**KILOS:** Abiso ng pampublikong pagdinig.

**Buod:** Ipinahayag ng Environmental Protection Agency (EPA) na isang virtual public hearing ang magaganap para sa namungkahing kilos na pinamagatang, "Review of the National Ambient Air Quality Standards for Particulate Matter," na nilagdaan noong 14, 2020. Ang pagdinig ay magaganap sa Mayo 20 at 21, 2020.

Batay sa review nito ng kriterya sa kalidad ng hangin at ng national ambient air quality standards (NAAQS) para sa particulate matter (PM), iminumungkahi ng EPA na ipagpatuloy ang kasalukuyang primary at secondary PM standards, nang walang pagbabago.

**MGA PETSA:** Mga komento sa minungkahing kilos na dapat matanggap sa pagsapit o bago ang Hunyo 29, 2020. Ang EPA ay magsasagawa ng isang virtual public hearing sa Mayo 20 at 21, 2020. Mangyaring sumangguni sa **KARAGDAGANG IMPORMASYON** na seksyon para sa karagdagang impormasyon sa pampublikon pagdinig.

**MGA ADDRESS:** Maaari kayong magpadala ng mga komento, na tiniyak sa Docket ID No. EPA-HQ-OAR-2015-0072, sa pamamagtian ng alinman sa mga sumusunod na pamamaraan:

- Federal eRulemaking Portal: *https://www.regulations.gov/* (ang aming mas gustong pamamaraan). Sundin ang mga instruksyon online sa pagsu-sumite ng mga komento.
- Email: *a-and-r-Docket@epa.gov.* Isama ang Docket ID No. EPA-HQ-OAR-2015-0072 sa subject line ng mensahe.

*Mga Instruksyon*. Ang lahat ng mga isusumite ay dapat na isama ang Docket ID No. para sa abisong ito. Ang mga komento na natanggap ay maaaring i-post nang walang pagbabago sa *https://www.regulations.gov*, kasama ang personal na impormasyong ipinagkaloob. Para sa detalyadong instruksyon sa pagpapadala ng mga komento, basahin ang **KARAGDAGANG IMPORMASYON** na seksyon ng dokumentong ito. Sanhi ng matinding pag-iingat para sa mga miyembro ng publiko at ng aming staff, ang EPA Docket Center at Reading Room ay sinara mula sa publiko noong Marso 31, 2020, para mabawasan ang panganib ng pagkakalat ng COVID-19. Ang staff ng aming Docket Center ay magpapatuloy sa pagkakaloob ng remote customer service sa pamamagitan ng email, telepono, at webform. Hinihikayat namin ang publiko na mag-sumite ng mga komento sa pamamagitan ng *https://www.regulations.gov* o sa email, dahil may pansamantalang suspension ng pagdadala ng mga sulat sa EPA, at walang mga hand delivery ang kasalukuyang tinatanggap. Para sa karagdagang impormasyon ng EPA Docket Center services at ang kasalukuyang katayuan, mangyaring bumisita sa amin online sa *https://www.epa.gov/dockets*.

*Virtual na Pagdinig sa Publiko.* Ang virtual na pandinig sa publiko ay gaganapin sa pamamagitan ng teleconference sa Mayo 20 at 21, 2020, na may dalawang mga session kada araw. Ang unang session ay magsisimula sa oras na 9:00 a.m. Eastern Time (ET) at magwawakas sa oras na 1:00 AM p.m. ET. Ang ikalawang

session ay magsisimula sa oras na 3:00 AM a.m. ET at magwawakas sa oras na 7:00 AM p.m. ET. Maaaring isara ng EPA ang session ng 15 minuto makalipas ang huling paunang nagparehistrong speaker ay nakapagsalita na kung wala nang mga karagdagang speaker. Sumangguni sa **KARAGDAGANG IMPORMASYON** na seksyon sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:** Para sa impormasyon o mga tanong tungkol sa pampublikong pagdinig, mangyaring makipag-ugnayan kay Ms. Regina Chappell, U.S. Environmental Protection Agency, ng Office of Air Quality Planning and Standards (OAQPS) (Mail Code C304-03), Research Triangle Park, NC 27711; telepono: (919) 541-3650; email address: *chappell.regina@epa.gov*.

Para sa impormasyon o mga tanong hinggil sa pagre-review ng PM NAAQS, mangyaring makipag-ugnayan kay Dr. Scott Jenkins, ng U.S. Environmental Protection Agency, OAQPS (Mail Code: C539-02), Research Triangle Park, NC 27711; telepono: (919) 541-1167; email address: *jenkins.scott@epa.gov*.

**KARAGDAGANG IMPORMASYON:** Inire-review ng EPA ang PM NAAQS tulad nang hinihiling sa ilalim ng seksyon 109 (42 U.S.C. 7409) of the Clean Air Act (CAA). Ang namungkahing kilos kung saan ang EPA ay nagsasagawa ng pampublikong pagdinig ay nilagdaan noong Abril 14, 2020, at available sa *https://www.epa.gov/naaqs/particulate-matter-pm-standards-federal-register-notices-current-review*. Ang pampublikong pagdinig ay magkakaloob sa mga interesadong panig ng oportunidad para magpakita ng data, mga pananaw, o paksa hinggil sa iminumungkahing desisyon ng EPA sa kasalukuyang pagre-review ng PM NAAQS. Ang mga nakasulat na pahayag at nagsusuportang impormasyon na isusumite habang

panahon ng pagbibigay ng komento ay ikokonsidera na may parehong kahalagahan sa anumang oral na komento at nagsusuportang impormasyon na ipinahayag sa mga pampublikong pagdinig.

*Mga Nakasulat na Komento.* I-sumite ang inyong mga komento, na tinitiyak ng Docket ID No. EPA-HQ-OAR-2015-0072, sa *https://www.regulations.gov* (ang aming mas gustong pamamaraan), o iba pang mga pamamaraan na tinukoy sa **MGA ADDRESS** na seksyon. Sa sandaling naisumite na, ang mga komento ay hindi maaaring i-edit o alisin mula sa docket. Maaaring mag-publish ang EPA ng anumang komentong natanggap sa pampublikong docket nito. Huwag mag-sumite sa electronic na paraan ng anumang impormasyon na ikinokonsidera ninyo na Confidential Business Information (CBI) o iba pang impormasyon na ang pagpapahayag ay ipinagbabawal sa ilalim ng isang batas. Ang mga multimedia na pagsu-sumite (audio, video, atbp.) ay dapat may kasamang nakasulat na sumite. Ang mga nakasulat na pagsusumit ay makokonsidera bilang opisyal na pagsusumite at dapat may kasamang pagtatalakay sa lahat ng mga punto na nais ninyong ipahiwatig. Karaniwang hindi ikinokonsidera ng EPA ang mga pagsusumite at naisumite na content na matatagpuan sa labas ng paunang pagsusumite (hal. sa web, cloud, o iba pang file sharing system). Para sa mga karagdagang pamamaraan ng pagsusumite, ang kumpletong patakaran ng pagkomento sa publiko ng EPA, ang impormasyon tungkol sa CBI o mga multimedia na pagsusumite, at ang karaniwang patnubay sa pagbibigay ng mga mabisang komento, mangyaring magpunta sa *https://www.epa.gov/dockets/commenting-epa-dockets.*

Pansamantalang sinuspinde ng EPA ang Docket Center at Reading Room mula sa publiko para mabawasan ang pagkakalat ng COVID-19. Ang mga nakasulat na komento na naisumite sa koreo ay pansamantalang sinuspinde at walang mga hand delivery ang tatanggapin. Ang staff ng

aming Docket Center ay magpapatuloy sa pagkakaloob ng remote customer service sa pamamagitan ng email, telepono, at webform. Hinihikayat namin ang publiko na magsumite ng mga komento sa pamamagitan ng *https://www.regulations.gov*. Para sa karagdagang impormasyon at mga update sa EPA Docket Center na mga serbisyo, mangyaring puntahan kami online sa *https://www.epa.gov/dockets*.

Patuloy ang EPA sa maingat at walang tigil na pagbabantay ng impromasyon mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC), lokal na area health department, at ang aming mga Pederal na kapartner para makasagot kami kaagad habang patuloy na nagbabago ang mga kondisyon hinggil sa COVID-19.

*Paglalahok sa Virtual na Pampublikong Pagdinig.* Mangyaring tandaan na ang EPA ay nag-iiba sa karaniwang pamamaraan dahil ang Presidente ay nagpahayag ng pambansang emergency. Dahil sa kasalukuyang rekumendasyon ng CDC, at pati na rin ang mga kautusan ng estado at panlokal para sa social distancing upang malimitahan ang pagkalat ng COVID-19, hindi magsasagawa ang EPA ng in-person na pampublikong pagpupulong sa ngayon.

Sisimulan ng EPA ang paunang pagrerehistro ng mga speaker at mga dadalo para sa pagdinig sa sandaling malathala ang dokumentong ito sa **Federal Register.** Ang EPA ay tatanggap ng mga pagrerehistro nang isa-isa. Para makapagparehistro upang makapagsalita sa virtual na pagdinig, maaaring gamitin ng mga indibiduwal ang online registration form na available sa Particulate Matter Pollution na webpage ng EPA para sa pagdinig na tio (*https://www.epa.gov/pm-pollution/national-ambient-air-quality-standards-naaqs-pm*) o makipag-ugnayan kay Regina Chappell sa (919) 541-3650 or *chappell.regina@epa.gov*. Ang huling araw para sa paunang pagpaparehistro na makapagsalita sa pagdinig ay sa Mayo 14, 2020.

Sa Mayo 18, 2020, ang EPA ay magpo-post ng general agenda para sa pagdinig na magtatala sa mga paunag nagparehistrong speaker sa tinantiyang kaayusan sa: *https://www.epa.gov/pm-pollution/national-ambient-air-quality-standards-naaqs-pm.*

Gagawin ng EPA ang lahat ng makakaya nito para sundin ang schedule nang mabuti sa araw mismo ng pagdinig; gayunman, mangyaring planuhin ang mga pagdinig para mauna nang kaunti sa schedule o huli sa schedule. Dagdag pa dito, ang mga kahilingan para magsalita ay tatanggapin sa araw mismo ng pagdinig sa katapusan ng bawat session kung may oras. Sisikapin ng EPA na mapahintulutang makapagsalita ang lahat ng mga speaker.

Ang bawat magbibigay ng komento ay may 5 minuto para magbigay ng oral na testimony. Inirerekumenda ng EPA na isumite ang teksto ng inyong mga oral na komento bilang mga nakasulat na komento sa rulemaking na docket. Maaaring magtanong ang EPA para mabigyang linaw sa kanila habang may oral na presentasyon pero hindi sasagot sa mga presentasyon sa ngayon. Ang mga nakasulat na pahayag at nagsusuportang impormasyon na isusumite habang panahon ng pagbibigay ng komento ay ikokonsidera na may parehong kahalagahan sa anumang oral na komento at nagsusuportang impormasyon na ipinahayag sa pampublikong pagdinig.

Hinihiling rin ng EPA mula sa mga dadalo sa pagdinig na paunang magparehistro para sa pagdinig, kahit na iyong mga walang balak na magbigay ng testimony. Ito ay makakatulong sa EPA para matiyak na may sapat na mga linya ng telepono na available.

Mangyaring tandaan na ang anumang mga update sa anumang aspekto ng mga logistic sa padinig, kasama na ang posibleng mga karagdagang sesyon, ay ipo-post online sa Particulate Matter Pollution website ng EPA *(https://www.epa.gov/pm-pollution/national-ambient-air-*

*quality-standards-naaqs-pm).* Habang inaasahan ng EPA na ang pagdinig ay magaganap tulad nang nakalahad sa itaas, mangyaring subaybayan ang aming website o makipag-ugnayan sa taong nakalista dito sa **PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, MAKIPAG-UGNAYAN** na seksyon para malaman kung mayroon mga update.

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng translator o special accommodation tulad ng audio description, mangyaring paunang magparehistro sa pagdinig at ilarawan ang inyong mga pangangailangan bago sumapit ang Mayo 13, 2020. Maaaring hindi maisasaayos ng EPA ang mga accommodation nang walang paunang abiso.

*Paano ako makakakuha ng mga minungkahing pagkilos at iba pang mga may kaugnayang impormasyon?*

Itinatagag ng EPA ang opisyal na pampublikong docket para sa namungkahing kilos sa ilalim ng Docket ID No. EPA-HQ-OAR-2015-0072. Isang kopya ng namungkahing kilos ay available sa*https://www.epa.gov/naaqs/particulate-matter-pm-standards-federal-register-notices-current-review*, at anumang detalyadong impormasyon na may kaugnayan sa namungkahing kilos ay available sa pampublikong docket bago maganap ang mga pampublikong pagdinig. Ang mga verbatim transcript ng mga pagdinig at ang mga nakasulat na pahayag ay isasama sa rulemaking docket.

May Petsa: Abril 29, 2020

Panagiotis Tsirigotis,
Director, Office of Air Quality Planning and Standards.